



PARA SA AGARANG PAGPAPAHAYAG: Ika-1 ng Mayo, 2019
MAKIPAG-UGNAYAN KAY: Simrun Dhoot - 415.749.4900

Tumutulong ang programa ng gawad ng Air District na *Clean Cars for All* sa mga residente ng Bay Area na bumili ng mga pinakamalinis na sasakyan

Maaaring kwalipikado ang mga residente na may mababang kita sa hanggang \$9,500 para sa sasakyan para sa malinis na hangin

SAN FRANCISCO – Inaanyayahan ng Air District ng Bay Area ang mga residente ng Bay Area na mag-aplay para sa programa ng gawad na *Clean Cars for All (Mga Malinis na Sasakyan Para sa Lahat)*, na nagbibigay ng hanggang \$9,500 sa mga may mababang kita na miyembro ng mga komunidad na mas malubhang naapektuhan ng pagpaparumi sa hangin, para palitan ang mga lumang sasakyan at gumamit ng haybrid, plug-in (sinasaksak) na haybrid o de-kuryenteng sasakyan, o kumuha ng Clipper Card para sa pampublikong transportasyon.

Sinimulan ng Air District ang bagong programang ito bilang bahagi ng malawakang pagsisikap upang tiyakin na ang mga sasakyan para sa malinis na hangin ay mga abot-kayang pagpipilian sa mga residente sa buong Bay Area. Tinitiyak din ng pantay na access sa mga sasakyan para sa malinis na hangin na nakikinabang ang lahat ng residente ng Bay Area sa mas mababang gastos sa gasolina at pagpapanatili, pati na rin sa mas pinabuting karanasan sa pagmamaneho.

"Ginagawang patas ng *Clean Cars for All* ang sitwasyon para mga residenteng may mababang kita kapag pumipili sila sa pagitan ng tradisyonal na sasakyan na gumagamit ng gasolina at sasakyan para sa malinis na hangin," sabi ni Jack Broadbent, tagapagpaganap na opisyal ng Air District. "Ang pagdami ng mga sasakyan para sa malinis na hangin sa mga kalsada ng Bay Area ay magpapabuti ng kalidad ng hangin at magbabawas ng mga emisyon ng mga gas ng greenhouse para tiyakin na malinis ang hangin na nilalanghap ng lahat ng residente ng Bay Area."

Maaaring pumili ang mga residente ng isa sa mga sumusunod na pagpipilian sa transportasyon para sa malinis na hangin upang palitan ang kanilang lumang sasakyan:

- **Ang mga de-kuryenteng sasakyan** ay umaandar gamit lamang ang kanilang de-kuryenteng motor. Muling kinakargahan ang mga baterya ng de-kuryenteng sasakyan sa pamamagitan ng pagsaksak sa isang outlet o istasyon ng pag-charge.
- **Ang mga Plug-In na Haybrid na De-kuryenteng Sasakyan** ay pinagsasama ang de-kuryenteng motor at makina ng gasolina. Ang mga baterya ng mga Plug-In na Haybrid ay muling kinakargahan ng motor na pinapaandar ng gasolina tuwing pumepreno at sa pamamagitan ng pagsaksak sa isang outlet o istasyon ng pag-charge.
- **Ang mga Haybrid na De-kuryenteng Sasakyan** ay pinagsasama ang de-kuryenteng motor at makina ng gasolina. Ang mga sasakyang ito ay hindi maaaring "isaksak" upang "muling i-

charge". Ang motor na pinapaandar ng gasolina ay nagsisilbi rin bilang isang generator upang kargahan muli ang mga baterya sa mga haybrid.

- **Ang Clipper Card** ay magagamit sa pampublikong transportasyon sa lahat ng pangunahing sistema ng transportasyon sa Bay Area.

Dapat nakatira ang mga aplikante sa isang tinukoy at kwalipikadong komunidad sa Bay Area, at ang kita ng kanilang buong sambahayan ay dapat na pasok sa nakatakdang limitasyon batay sa dami ng tao sa kanilang sambahayan. Dagdag dito, ang papalitang sasakyan ay dapat na may modelo mula taong 1996 o mas luma pa. Maaaring tingnan ng mga residente ng Bay Area ang website ng programa o kumpletuhin ang isang aplikasyon para beripikahin ang kanilang kwalipikasyon para sa programa.

Ang karaniwang malinis na sasakyan ay may presyo na \$22,000 at ang insentibo ng *Clean Cars for All* ay mula \$2,500 hanggang \$9,500. Nakabatay ang halaga ng perang matatanggap mula sa programang *Clean Cars for All* sa dami ng tao sa sambahayan, kita, at piniling pamalit sa sasakyan. Ang average na halaga ng pinapautang para sa pagbili ng pamalit na sasakyan ay \$14,500. Bukod pa rito, available ang hanggang sa \$2,000 na pagpopondo para sa kagamitan para sa pag-charge ng baterya sa bahay at pag-install nito kapag bumili ng plug-in na haybrid o de-kuryenteng sasakyan.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa kung paano mag-apply o para matuto ng higit pa tungkol sa *Clean Cars for All*, bisitahin ang www.baaqmd.gov/cleancarsforall.



Ang *Clean Cars for All* ay bahagi ng California Climate Investments (Mga Pamumuhunan ng California para sa Klima), isang programa sa buong estado na naglalaan ng bilyun-bilyong dolyar mula sa Cap-and-Trade (sistema ng pagpigil sa dami ng emisyon) upang bawasan ang mga emisyon ng mga gas na greenhouse, palakasin ang ekonomiya, at pagbutihin ang pampublikong kalusugan at ang kalikasan — lalo na sa mga komunidad na nasa masamang kondisyon.

Ang [Bay Area Quality Management District](#) ay ang panrehiyong ahensiya na responsable para sa pangangalaga sa kalidad ng hangin at pandaigdig na klima sa Bay Area na may siyam na county. Makipag-ugnayan sa Air District sa pamamagitan ng [Twitter](#), [Facebook](#), at [YouTube](#).

###

Air District Communications Office
375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105
[Homepage ng Air District](#) | [Mga Inilabas na Balita](#)